

United Nations
Office of High Commissioner for Human Rights
Commission/ Sub-Commission Team (1503 Procedure)
CH-1211 Geneva 10, Switzerland
Fax: (41 22) 917 90 11 ● Email: cp@ohchr.org

“PETISYON 1503”
IMBESTIGAHAN AT KILALANIN BILANG “GENOCIDE” ANG SISTEMATIKO, INTENSYONAL AT
KUSANG PAGPATAY SA MGA SIKH NOONG NOBYEMBRE 1984

Sa unang linggo ng Nobyembre 1984, ang Pambansang Kongreso ng Indiya, kilala rin bilang “Kongreso (I)”, namumunong partido noong panahong iyon, ay bumuo at naglunsad ng mga malawakang pagsalakay sa buong India laban sa mga Sikh, kung saan ang layunin ay puksahin ang populasyon ng mga Sikh, isang kilalang grupong relihiyoso.

Ang mga pagsalakay na ito sa buhay, ari-arian at templo ng pagsamba ng mga Sikh, ay isinagawa sa mabisa at magkakatulad na paraan, at naging sanhi ng pagkamatay ng mahigit sa 30,000 (tatlung libong) tao na bahagi ng grupong Sikh; ng paggahasa sa mga kababaihang Sikh; ng pagsunog sa mga Gurudwara ng mga Sikh; ng pagdambong sa mga ari-arian ng mga Sikh, at pagkawalan ng tahanan ng sa mahigit sa 300,000 (tatlong daang libong) Sikh.

Ang kalubhaan ng sitwasyon, proporsyon, at higit sa lahat, ang organisadong paraan ng mga pagsalakay na ito laban sa mga Sikh ay ipinagkaila ng mga gobyernong Indiyano sa pamamagitan ng paglalarawan sa nasabing karahasan bilang “Mga Riot sa Delhi laban sa mga Sikh ng Nobyembre 1984” o “November 1984 Anti-Sikh Riots of Delhi.” Ang mga pagsalakay na ito ay hindi simpleng kaguluhan lang o “riot” ni hindi rin limitado lang sa Delhi. Sa katotohanan, noong Nobyembre 1984, ang mga Sikh ay sinalakay sa 18 estado at mahigit na 100 siyudad sa buong Indiya, at ang partikular na layunin ng mga pagsalakay na ito ay lipulin ang mga Sikh.

Ang intensyonal at kusang pagsalakay na ito sa mga buhay, ari-arian at lugar ng pagsamba ng mga Sikh noong Nobyembre 1984 ay maituturing na krimen ng “Genocide” o malawakang pagpatay ng isang grupo o lahi ng tao, ayon sa pangalawang Artikulo (Art. 2) ng Kapulungan Tungkol sa Genocide ng mga Nagkakaisang Bansa (UN Convention on Genocide).

ANG PAGKATUKLAS NG MGA BAGONG KATIBAYAN – LIBINGAN NG MASA NG MGA SIKH NA
PINATAY NOONG NOBYEMBRE 1984

Kabilang sa mga bago at nakapanghihilakbot na katibayan ng karahasan na ito sa mga Sikh ay binubuo ng malalaking libingan ng masa o mass graves, mga wasak-wasak na kabayanan, mga sunog na Gurudwara (templo ng pagsamba ng mga Sikh) at iba pang mga patibay sa paglipol sa populasyon ng Sikh noong Nobyembre 1984. Ang pagkatuklas noong Pebrero 2011 ng Libingan ng Masa ng mga Sikh na pinatay noong Nobyembre 1984 sa bayan ng Hondh-Chillar, sa Estado ng Haryana, Indiya ay ang pinakabagong katunayan na nagpapakita na ang mga Sikh ay sumailalim sa uri ng pagsalakay na intensiyonal, kusa, at planado noong Nobyembre 1984. May mga bago at katulad na katibayan rin natuklasan sa iba pang mga lugar pagkatapos ng pagkadikubre ng Libingan ng Masa ng mga Sikh noong Pebrero 15, 2011 sa bayan ng Hondh-Chillar, Haryana. Ang mga ebidensiyang ito na nagpapatunay ng mga pagsasalakay sa mga Sikh noong Nobyembre 1984 ay natagpuan sa iba pang estado ng Indiya katulad ng Kanlurang Bengal, Uttar Pradesh at Jammu at Kashmir.

Ang nakalulunus na ebidensiya ng mga labi at bangkay ng mga tao na natagpuan kamakailan lang sa mga lugar ng genocide o malawakang pagpatay ng isang lahi ng tao, sa buong Indiya, at ang opisyal na tala ng Pamahalaang Indiyano, ay mga katibayang tiyak, hindi maipagkakaila at matatag na nagpapatunay na ang pagpatay sa mga Sikh noong Nobyembre 1984 ay isang “Genocide.”

Ako, ayon sa lagda sa dokumentong ito, ay nananawagan sa “Lupon 1503” ng Mga Nagkakaisang Bansa (UN) na:

- a) IMBESTIGAHAN ang sistematiko, intensiyonal at kusang pagpatay sa mga Sikh na isinagawa sa buong Indiya noong unang linggo ng Nobyembre 1984, at matagumpay na naitago ng mga sumunod ng Pamahalaang Indiyano bilang “kaguluhan o riot laban sa mga Sikh” na naganap lamang sa siyudad ng Delhi.
- b) KILALANIN at IPAHAAYAG ang sistematiko, intensiyonal, kusa at walang awang pagpatay sa mga Sikh noong Nobyembre 1984 bilang “Genocide” o malawakang pagpatay ng isang lahi ng tao ayon sa Ikalawang Artikulo (Art. 2) ng U.N. Convention on Genocide.

Pangalan		Numero ng Telepono	
Kalye	Bayan	Probinsiya	Postal Code
Pirma	Petsa	Bansa	

Sikhs for Justice ● The Exchange Tower ● 30 King Street West, Suite 1800 ● Toronto, ON ● M5X1E3
Email : support@sikhsforjustice.org ● (416) 825 – 5756 www.sikhsforjustice.org